Deklarasyon ng Kumpidensyal na Impormasyon (Confidential Information Declaration)

## MGA TAGUBILIN

**Kung gusto mong magsumite ng mga dokumento sa Hukom para sa pagdinig, kailangan mong kumpletuhin ang form na ito at ipadala ito kasama ng iyong mga dokumento. Ang lahat ng dokumentong isusumite ay posibleng makita ng iba pang magulang, panig sa kaso at/o kanilang kinatawan.**

Mayroong batas ng estado na pumipigil sa impormasyong nasa iyong kaso sa pagsuporta sa anak na ma-release sa iba pang magulang, panig sa kaso, at/o kanilang kinatawan Ang impormasyon tungkol sa iyong lokasyon ay hindi puwedeng ibahagi maliban na lang kung sumasang-ayon ka rito. Ang impormasyong ito ay tinatawag na "impormasyon tungkol sa kinaroroonan." Kabilang dito ang lokasyon mo o ng paaralan ng iyong anak, iyong tirahan, at iyong trabaho. Ito ay para makatulong na maiwasan ang posibilidad na mangyari ang panay na palihim na pagsubaybay, karahasan sa tahanan o mga panganib sa pisikal na kaligtasan sa ilang partikular na kaso o sitwasyon. Ang mga dokumento ay posible ring maglaman ng iba pang sensitibong impormasyon na hindi mo gustong ibahagi sa iba pang magulang, panig sa kaso, at/o kanilang kinatawan.

**Bago maghain ng anumang dokumento na naglalaman ng kinaroroonan o iba pang sensitibong impormasyon, dapat mong alisin o i-redact (i-black out) ang anumang impormasyon na ayaw mong maibahagi sa iba pang magulang, panig sa kaso, at/o kanilang kinatawan.**
PINOPROTEKTAHAN NG BATAS NG ESTADO ANG IMPORMASYONG ITO. DAPAT ITONG I-REDACT MALIBAN NA LANG KUNG KAILANGAN ITO PARA SA KASO. Kabilang sa ilang halimbawa ang:

- Impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan gaya ng iyong numero ng social security at impormasyon ng bank account.
- Anumang impormasyon tungkol sa paaralan, mga day care provider, mga medical provider, o mga employer na tumutukoy sa pagkakakilanlan.
- Mga mailing address at pisikal na address (kung magkaiba).
- Anumang medikal na kundisyon/impormasyon (pisikal o pag-iisip).
- Anumang pagbanggit sa estado, lungsod, o county na tumutukoy sa iyong lokasyon.

HINDI MAGRE-REDACT ANG TANGGAPAN NG MGA ADMINISTRATIBONG PAGDINIG (OFFICE OF ADMINISTRATIVE HEARINGS, OAH) NG ANUMANG IMPORMASYON PARA SA IYO.

DEKLARASYON

**Pinapahintulutan ko ang OAH na payagan ang iba pang panig, kabilang ang iba pang magulang, na makita ang lahat ng impormasyong nilalaman ng mga dokumento na isusumite ko ngayon, o sa anumang oras sa hinaharap sa kasong ito, na nagsusuko sa aking karapatan sa kumpidensyalidad sa Binagong Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 26.23.120(7). Bago magsumite ng mga dokumento sa OAH, nauunawaan ko na responsibilidad ko na i-redact (i-black out) ang lahat ng impormasyon na hindi ko gustong ibahagi sa iba pang panig, kabilang ang iba pang magulang.**

Nauunawaan ko na ang mga dokumentong ito ay posibleng makita ng iba pang magulang, panig sa kaso, at/o kanilang kinatawan nang walang karagdagang pag-redact. Ni-redact (na-black out) ko ang lahat ng impormasyon na ayaw kong makita ng iba pang magulang, panig sa kaso, at/o kanilang kinatawan. Sa pamamagitan ng pagsusumite sa OAH ng mga dokumentong ito, pinapayagan ko ang OAH na mag-release ng anumang hindi na-redact na impormasyon tungkol sa kinaroroonan at iba pang sensitibong impormasyon na karaniwang pinoprotektahan sa ilalim ng Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 388-14A-2105 at WAC 388-14A-2107 at isinusuko ko ang mga karapatan sa kumpidensyalidad na ipinagkakaloob sa akin sa ilalim ng mga regulasyong ito.

______________________________________ ______________________________________

______________________________________ ______________________________________

Naka-print na Pangalan ng Panig/Magulang Lagda ng Panig/Magulang

**Mga awtorisadong kinatawan**:

Kinukumpirma ko na ang panig na kinakatawan ko ay nagbigay sa akin ng pahintulot na isumite ang mga dokumentong ito sa kanilang ngalan, may mga pag-redact man o wala.

______________________________________ ______________________________________

Naka-print na Pangalan ng Awtorisadong Kinatawan Lagda ng Kinatawan

**KAPAG HINDI NAKUMPLETO ANG FORM NA ITO, POSIBLE ITONG HUMANTONG SA PAGTANGGI NG OAH SA IYONG MGA DOKUMENTO AT PAGSAULI SA IYO NG MGA ITO PARA SA KARAGDAGANG AKSYON.**